

*OMG! Siya na naman! Ano ba'ng nangyayari sa akin? Nababaliw na ba ako?*

Mula nang makausap ni Hershey ang caller na si Marco ay hindi na ito nawala sa isip niya. Kaya tuloy parang namamalikmata siyang nakikita ito ngayon. Bahagya niyang kinusot ang mga mata at naudlot ang paglabas niya sa conference room.

“Ano'ng nangyayari sa 'yo? Para kang nakakakita ng multong biglang naglalaho.”

Nilingon niya si Chris na naharangan pala niya ang pintuang lalabasan nito. Katatapos lang ng kanilang closed-door meeting with Mia and Aldrich.

“Kay guwapo namang multo niyon,” wala sa loob na nausal niya habang lumihis sa daraanan nito. *Ito na ba ang tinatawag nilang 'power of thoughts' na kapag iniisip mo ang isang bagay ay mangyayari?*

“Kilala mo siya?”

“Sino? Siya?” Hindi niya alam na sinundan nito ang direksyon ng kanyang paningin. Nakakahiya. Nahuli tuloy nitong tinititigan niya ang lalaking nakauniporme ng maintenance and engineering department. “Hindi, ah. Kamukha lang ng isang kakilala ko.”

“Sa totoo lang, I know him. Gusto mong ipakilala kita?”

Inirapan niya ang nambubuskang kaibigan, sabay tinalikuran

ito.

Hershey needed a break. Parang gusto niyang manigarilyo. Tinungo niya ang cubicle para maghanap ng sigarilyo sa drawer. Hindi siya habitual o occasional smoker.

Apektado siya ng issue na kinasasangkutan ni Mia. Pagkatapos ay nakikisabay pa ang kanyang personal issue na akala niya ay nabaon na sa limot.

Habang hinahalungkat ang drawer ay kinakausap niya ang sarili. *So what kung si Marco nga 'yung nakita ko? Hindi ako dapat nagkakaganito dahil once and for all, wala kaming relasyon at hindi naging kami, ever...* Nakakita siya ng cigarette box pero walang laman. Inihagis niya iyon sa trash bin at muling naghalungkat. *Hindi nga naging kami pero... Argh! We ended up in bed! Ang tanga-tanga ko. Lagi na lang ba akong ganito tuwing makakakita ng kamukha ni Marco?*

Itinukod niya sa mesa ang siko at saka nakapikit na sinapo ng palad ang noo. Naramdaman niyang may kung sinong humawak sa balikat niya.

“Back off, Chris. Masakit ang ulo ko. Wala ako sa mood makipag-usap,” masungit niyang pahayag. Hindi naman tuminag ang kamay sa balikat niya bagkus ay naramdaman pa niya ang marahang pagpisil.

Naiiritang hinawakan ni Hershey ang pangahas na kamay para sana tanggalin ito sa balikat niya pero natigilan siya sa

binabalak nang makitang hindi si Chris ang kausap. Para siyang tuod na natulos sa kinauupuan at namilog ang mga matang napatitig sa lalaking nasa harapan. Hindi siya makapaniwalang ang lalaking ilang araw nang bumabagabag sa kanya ay biglang lilitaw sa harapan niya ngayon.

“M-Marco?”

“Hi, Hershey. Long time no see...” kaswal na pahayag ni Marco.

He had that perfect confident smile on his lips that once captured her heart. He was standing tall, robust and entrancing.

“H-hi...” Dahan-dahan niyang binitawan ang kamay nitong hawak niya. Para siyang napapaso na di mawari.

Kanina lang bago muling sumulpot sa buhay niya si Marco ay ang huling scenario na namagitan sa kanila ang tumatakbo sa utak niya. Pagkatapos heto at feeling close itong makahawak?

“Dito lang pala kita makikita, Hershey. Hinanap kita noon nang magising akong wala ka na sa tabi ko.”

*Speaking of the last scenario!* Kaagad nag-init ang mga pisngi ng dalaga nang magtama ang kanilang mga paningin. Alam niyang magkaparehong imahe ang naka-drawing ngayon sa utak nila. That was five years ago but the memory of that passionate night was still fresh in her mind. Parang ibig niyang makaramdam ng pagkapahiya sa sarili dahil pakiramdam niya ngayon ay hubad

siya sa paningin ni Marco tulad ng huling sandali na nagkasama sila.